




Lungsod at County ng San Francisco
Departamento ng mga Eleksyon
Pamplet ng Impormasyon para sa Botante

Setyembre 14, 2021,
Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa
Gobernador ng California

Piliin ang Ating Direksiyon!



Bumoto sa Malalapit na Eleksyon!

Para sa Setyembre 14, 2021 na eleksyon, magsisimulang magpadala sa koreo ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga pakete ng balotang vote-by-mail sa lahat ng lokal na rehistradong botante sa Agosto at mag-aalok din ng oportunidad na makaboto nang personal bago o sa mismong Araw ng Eleksyon.

Para sa Halimbawang Balota para sa eleksyong ito, mangyaring tingnan ang bersiyong Ingles nitong pamplet, na ipinadala sa lahat ng mga nakarehistrong botante. Kung gusto ninyo ng isa pang kopya ng bersiyong Ingles nitong pamplet, mangyaring tumawag sa (415) 554-4310. Maaari din ninyong matingnan ang inyong Halimbawang Balota sa [sfelections.org](https://www.sfelections.org).

Mabilisang Gabay para sa Setyembre 14, 2021 na Eleksyon

Mga Highlights ng Eleksyon

- Ipadadala ang mga balota sa pamamagitan ng koreo sa lahat ng rehistradong botante. Nangangahulugan ito na maaaring bumoto sa pamamagitan ng koreo ang sinumang rehistradong botante sa halip na pumunta pa sa botohan sa Araw ng Eleksyon.
- Maaaring ma-access ng sinumang rehistradong botante ang kanilang balota gamit ang Accessible na Sistemang Vote-by-Mail sa sfelections.org/access.
- Mayroong oportunidad na makaboto nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall at sa 588 na lugar ng botohan.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa mga opsiyon sa pagboto, mangyaring buksan ang pahina 10 ng pamplet na ito.



Mga Mahahalagang Petsa

Agosto 16

Umpisa ng maagang botohan (magsisimulang dumating ang mga balota sa mailbox ng mga botante at magbubukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall para sa pagboto nang personal at paghuhulog ng balota.)

Agosto 30

Huling araw ng pagpaparehistro upang makaboto at makatanggap ng balota sa koreo. Matapos ang Agosto 30, maaari pa ring personal na magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan ang sinumang kuwalipikado na bumoto.

Setyembre 11 – Setyembre 14

Bukas ang mga karagdagang estasyon para sa paghuhulog ng balota sa ilang mga lokasyon sa Lungsod. Para sa mga lokasyon at oras pumunta sa pahina 10.

ARAW NG ELEKSYON, Martes, Setyembre 14

Bukas ang lahat ng lugar ng botohan para sa paghuhulog ng balotang vote-by-mail at sa pagboto nang personal mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Dapat mai-postmark bago o sa araw ng Setyembre 14 ang mga balotang ibinalik sa pamamagitan ng koreo upang mabilang at ang mga balotang hinatid nang personal ay dapat maihulog sa drop-off station o sa lugar ng botohan nang hindi lalagpas ng 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Setyembre 14.



Magsilbi bilang Manggagawa sa Lugar ng Botohan sa Setyembre 14!

Tumulong sa inyong komunidad at makatanggap ng sahod na hanggang sa \$240 para sa inyong serbisyo. Itatalaga ang bawat manggagawa sa lugar ng botohan sa isa sa 588 na mga lugar ng botohan upang pangasiwaan ang pagboto sa Araw ng Eleksyon. Para mag-apply bilang manggagawa sa lugar ng botohan, bumisita sa sfelections.org/pwa o tumawag sa (415) 554-4395.

Talaan ng mga Nilalaman

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa Gobernador ng California — Setyembre 14, 2021

Pangkalahatang Impormasyon

Mahahalagang Petsa at Bagay Tungkol sa Eleksyon (loob ng harap na pabalat)	
Sulat mula sa Direktor	2
Pangkalahatang Buod ukol sa Opisyal na mga Mapagkukunan ng Impormasyon para sa Botante	3
Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon)	3
Batas sa mga Karapatan Ng Botante	4
Pagmamarka sa Inyong Balota	8
Mga Opsiyon sa Pagboto	10
Bumoto at Ibalik ang inyong Balotang Vote-by-Mail (Ipinadadala sa Pamamagitan ng Koreo)	10
Bumoto sa Sentro ng Botohan sa City Hall	11
Bumoto sa Lugar ng Botohan	11
Mga Madalas Itanong ukol sa Pagboto sa San Francisco	12
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Recall Election Ballot	12
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagboto nang Personal	12
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Paghahatid ng Vote-By-Mail na Balota	13
Paano makakuha ng bagong balota kapag nagkamali kayo	13
Mga Madalas Itanong (FAQs) tungkol sa Pagbalik ng Balotang Vote-By-Mail	13
Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro	14
Tulong sa wikang Filipino	15
Libreng mga Klase sa Ingles	15
Accessible na Pagboto at mga Serbisyo	16
Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Sistema ng Pagboto sa Lungsod	21
Panatiliing Napapanahon ang Impormasyon sa Inyong Rehistrasyon bilang Botante	22
Impormasyon ukol sa Pagkapribado ng inyong Rehistrasyon bilang Botante	22
Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)	22
Magsilbi bilang Manggagawa sa Lugar ng Botohan (loob ng harap na pabalat)	
Makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon (loob ng likod na pabalat)	
Website ng Departamento ng mga Eleksyon (likod na pabalat)	
Address ng inyong lugar ng botohan (likod na pabalat)	

Impormasyon para sa Recall na Eleksyon

Mga Tinatayang Gastos upang Mapangasiwaan ang Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa Gobernador ng California	4
Pahayag ng mga Tagapagtaguyod sa mga Dahilan para sa Pagpapaalis sa Katungkulan at ang Sagot ng Gobernador	5
Pahayag ni Gobernador Newsom	6
Ang Inyong Balota para sa Recall na Eleksyon	7
Kinakatigang Politikal na Partido ng Kandidato	7
Pag-endoso ng Partido sa mga Kandidato	8

Kung may nalaman ang Departamento ng mga Eleksyon na anumang malaking kamalian sa aming parte matapos maipadala sa koreo ang pamplet na ito, maglalathala kami ng koreksiyon sa seksiyon ng mga Public Notice sa *San Francisco Examiner* at sa *Sing Tao Daily* sa Setyembre 1 at 2, at sa *El Reportero* sa Setyembre 3.

Bago pa man ang paglalathala ng Pamplet ng Impormasyon para sa Botante, ang sinumang botante ay may karapatan ayon sa California Elections Code Sections 9295 at 13314 na humiling ng writ of mandate (utos sa ahensiya ng gobyerno na sumunod sa batas) o ng injunction (utos ng hukom na nagbabawal o nag-aatas) para iatas na baguhin o burahin ang anuman o ang lahat ng mga materyal na isinumite para sa paglalathala sa Pamplet.

Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Inilathala ng Departamento ng mga Eleksyon
Lungsod at County ng San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place, City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4634
sfelections.org

Mga Pagsasalin at layout/typesetting ng InterEthnic
Inilimbag ng Toppan Merrill LLC



Mangyaring i-recycle ang pamplet na ito.



CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF ELECTIONS

John Arntz, Direktor

Mahal na Botante ng San Francisco,

Hulyo 16, 2021

Para sa California Gubernatorial Recall Election (Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa Gobernador ng California) sa Setyembre 14, 2021, makatatanggap ang lahat ng rehistradong bumoto sa San Francisco ng kanilang balotang may iisang card sa pamamagitan ng koreo bago sumapit ang Agosto 30. Matapos ang Agosto 30 na huling araw para sa pagpaparehistro, at hanggang sa Araw ng Eleksyon, puwede pa ring magpaparehistro ang mga indibidwal upang makaboto, pero kailangan nang personal na gawin ito sa City Hall Voting Center (Sentro ng Botohan) o sa lugar ng botohan.

Recall Election (Eleksyong Nagtatanong Kung Dapat Bang Tanggalin ang Halal na Opisyal sa Katungkulan)

Nangyayari ang recall elections kapag may sapat na bilang ng botante na pumirma ng petisyon, kung saan hiniling nila ang pagkakatanggal ng sinuman mula sa pampublikong katungkulan. May dalawang bahagi ang balota, ang "tanong ukol sa recall," at ang listahan ng mga kandidato. Puwede ninyong piliin na bumoto sa isa o sa dalawang bahagi.

Sa pagsagot ng tanong tungkol sa recall, nangangahulugan ang pagpili ng "Oo" na gusto ninyong tanggalin ang Gobernador mula sa kanyang katungkulan. Nangangahulugan ang pagpili ng "Hindi" na gusto ninyong manatili ang Gobernador sa kanyang katungkulan.

Matatagpuan sa likod ng balota ang listahan ng mga kandidatong nagnanais pumalit sa Gobernador. Kung mas maraming tao ang boboto ng "Oo," ang kandidatong may pinakamaraming boto ang magiging susunod na Gobernador ng California. Kapag bumoto kayo ng alinman sa "Oo" o "Hindi" sa tanong ukol sa recall, puwede pa rin kayong pumili ng kandidato. Pinahihintulutan kayo nito na magkaroon ng boto para sa indibidwal na papalit sa Gobernador kapag naging matagumpay ang recall, sakaling mas maraming tao ang bumoto ng "Oo."

Pagsasauli ng Inyong Balotang Vote-by-Mail (Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo)

Karamihan sa mga botante ang nagsasauli ng kanilang balota gamit ang asul na mga kahon na ipinagkakaloob ng United States Postal Service (Serbisyo para sa Koreo ng Estados Unidos, USPS) sa kabuuan ng Lungsod. Puwede ninyong mahanap ang pinakamalalapit na kahon ng USPS at ang mga oras ng pagkuha ng kahon sa usps.com/locator. Kapag hinulog ninyo ang sobre ng balota sa asul na kahon ng USPS, o sa kahon para sa mga sulat, pakitayak ang petsa at oras ng pagkolekta ng USPS sa inyong balota. Ito ay dahil iyon lamang mga balota na nasa sobreng may marka ng koreo sa Araw ng Eleksyon, o bago nito, ang mabibilang ng Departamento.

Simula sa Agosto 16, at hanggang sa Setyembre 14 na Araw ng Eleksyon, madadala na ng mga botante ang kani-kanilang balota sa City Hall Voting Center. Simula sa Setyembre 11, magkakaloob na ang Departamento ng karagdagang 11 estasyon para sa paghuhulog ng balota, kung saan may isang estasyon sa bawat distritong pinamamahalaan ng Superbisor. Mahahanap ninyo ang kinaroroonan at oras ng mga lugar na ito sa pamplet na nagbibigay ng impormasyon sa mga botante at sa aming website, na sfelections.org.

Sa Araw ng Eleksyon sa Setyembre 14, puwede rin ninyong isauli ang inyong nabotohan nang balota sa alinman sa 588 lugar ng botohan sa mga komunidad ng Lungsod, na bukas mula 7 a.m. hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon. Naka-print ang kinaroroonan ng lugar ng botohan ninyo sa likod na pabalat ng pamplet na ito. Puwede ninyong isauli ang inyong balota nang hindi pumapasok sa lugar ng botohan dahil magkakaloob ang mga kawani para sa eleksyon ng mga kahon para sa balota sa pasukan ng bawat lugar ng botohan.

Pagsabaybay sa Katayuan ng inyong Balota

Puwede nang masabaybayan ng mga botante ang kani-kanilang balota habang umuusad ito sa mga hakbang ng pagtitipon sa mga balota, paghahatid, pagpoproseso at pagbibilang sa sfelections.org/voterportal. Puwede ring magpalista ang mga botante upang makatanggap ng mga abiso sa katayuan ng kani-kanilang balota sa pamamagitan ng email, text, o voice message sa wheresmyballot.sos.ca.gov.

Nagagamit ng Lahat na Sistemang Vote-by-Mail

Simula sa Agosto 16, puwede nang magamit ng sinumang botante ang nagagamit ng lahat na sistemang vote-by-mail sa sfelections.org/access, at nang makatanggap ng elektronikong balota, na nagpapahintulot sa mga botante na gumamit ng pantulong na kagamitan sa pagmamarka ng kanilang balota. Puwede ninyong alamin pa ang tungkol sa nagagamit ng lahat na sistemang vote-by-mail sa aming website na sfelections.org.

Pagboto nang Personal

Sa Agosto 16, bubuksan na ng Departamento ang Voting Center nito na matatagpuan sa loob ng City Hall, at puwede itong magamit ng lahat ng botante.

Bukas ang Voting Center mula Lunes hanggang Biyernes (maliban na lamang sa Labor Day o Araw ng Paggawa), nang 8 a.m.–5 p.m., simula sa Agosto 16 hanggang sa Setyembre 14, sa dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon, nang 10 a.m.–4 p.m., at sa Setyembre 14 (Araw ng Eleksyon), nang 7 a.m.–8 p.m. Maglilingkod ang lugar na ito sa lahat ng residente ng Lungsod na gustong bumoto nang personal, ihulog ang kani-kanilang balota, gumamit ng kagamitan para sa may kapansanan (accessible voting equipment), o matapos ang Agosto 30 na huling araw para sa pagpaparehistro, para sa probisyonal o may kondisyon na pagpaparehistro at pagboto.

Sa Araw ng Eleksyon, magbubukas ang 588 lugar ng pagboto para sa harap-harapan o in-person na pagboto at para sa mga serbisyo sa balotang vote-by-mail mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Para sa iba pang impormasyon, tumawag sa Departamento sa (415) 554-4310, mag-email sa svote@sfgov.org, o bisitahin ang sfelections.org.

Gumagalang,
John Arntz, Direktor

English (415) 554-4375
Fax (415) 554-7344
TTY (415) 554-4386

sfelections.org
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48, San Francisco, CA 94102

中文 (415) 554-4367
Español (415) 554-4366
Filipino (415) 554-4310



Pangkalahatang Buod ukol sa Opisyal na mga Mapagkukunan ng Impormasyon para sa Botante

Ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ng San Francisco

Nilalathala ng Departamento ng mga Eleksyon ng San Francisco ang hindi maka-partidong pamplet na ito na may layuning magbigay ng impormasyon ukol sa pagboto sa nalalapit na eleksyon. Kung nais ninyong makita ang inyong halimbawang balota para sa Setyembre 14, 2021, Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa Gobernador ng California, mangyaring sumangguni sa inyong Ingles na VIP (Voter Information Pamphlet, o Pamplet ng Impormasyon para sa Botante).

Upang i-download ang VIP sa Filipino na nasa format na PDF, HTML at XML, pakipuntahan ang sfelections.org/vip. Upang hilingin ang VIP na malaki ang pagkaka-imprenta, pakikontak ang (415) 554-4310.

Ang Gabay na Impormasyon para sa Botante ng California

Para sa Setyembre 14, 2021, Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa Gobernador ng California, makatatanggap din ng VIG (Voter Information Guide, o Gabay na Impormasyon para sa Botante) ang mga botante na inihanda ng Kalihim ng Estado ng California (California Secretary of State). Naglalaman ang VIG ng impormasyon tungkol sa mga pamalit na kandidato sa pagkagobernador.

Makukuha ang VIG online sa format na PDF, American Sign Language, at streaming audio sa voterguide.sos.ca.gov at kung hihilingin, sa malaking pagkaka-imprenta at CD audio.

Nais ba ninyong makatipid ng papel? Alinsunod sa batas pang-eleksyon, kailangang padalhan ng mga opisyal ng eleksyon ang lahat ng rehistradong botante ng naka-imprentang kopya ng gabay sa mga botante sa koreo, maliban na lang ang mga tumanging mapadalhan ng naka-imprentang kopya at ginusto ang elektronikong pagpapadala. Para piliin o tanggihan ang pagpapadala sa koreo ng naka-imprentang kopya ng gabay para sa mga botante, mangyaring isumite ang inyong kahilingan sa sfelections.org/voterportal.

Elections Commission (Komisyon para sa mga Eleksyon)

Ginagampanan ng Elections Commission ang pagiging awtoridad sa paggawa ng polisiya at sa pangangasiwa sa lahat ng pampubliko, pampederal, pang-estado, pandistrito at pangmunisipal na eleksyon sa Lungsod at County ng San Francisco. Naatasan ang Komisyon sa pagtatakda ng mga pangalahatang polisiya para sa Departamento ng mga Eleksyon, at responsibilidad nito ang tamang pamamahala sa Departamento na sinasaklaw ng mga probisyon ng Tsarter ukol sa badyet at pinansiya. Ang kasulukyang mga miyembro ng Komisyon para sa mga Eleksyon ay sina:

Lucy Bernholz, Presidente
itinalaga ng Tesorero

Charles Jung, Bise-presidente
itinalaga ng Mayor (Punong-bayan)

Becca Chappell
itinalaga ng Public Defender (Pampublikong Tagapagtanggol)

Roger Donaldson
itinalaga ng City Attorney

Christopher Jerdonek
itinalaga ng Board of Supervisors (Lupon ng mga Superbisor)

Viva Mogi
itinalaga ng District Attorney

Bakante
itinalaga ng Board of Education (Lupon ng Edukasyon)



Batas sa mga Karapatan Ng Botante

Ikaw ay may mga sumusunod na karapatan:

- 1. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante.** Ikaw ay karapat-dapat bumoto kung ikaw ay:
 - isang mamamayan ng U.S. na naninirahan sa California
 - hindi kukulangin sa 18 taong gulang
 - nakarehistro kung saan ka kasalukuyang naninirahan
 - hindi nakabilanggo para sa isang peloni
- 2. Karapatang bumoto kung ikaw ay isang nakarehistrong botante kahit na ang iyong pangalan ay wala sa listahan.** Ikaw ay boboto gamit ang isang pansamantalang balota. Ang iyong boto ay ibibilang kung ang mga opisyal sa mga halalan ay nagpasiya na ikaw ay karapat-dapat bumoto.
- 3. Karapatang bumoto kung ikaw ay nakapila pa nang magsasara ang mga botohan.**
- 4. Karapatang magpatala ng isang lihim na balota** nang walang gumagambala sa iyo o nagsasabi sa iyo kung sino o ano ang iboboto.
- 5. Karapatang kumuha ng bagong balota kung nagkamali ka,** kung hindi mo pa naipapatala ang iyong balota. Magagawa mong:
 - Humingi sa opisyal sa mga halalan sa isang botohan** ng isang bagong balota; o
 - Palitan ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo** ng isang bagong balota sa isang opisina sa mga halalan, o sa iyong botohan; o
 - Bumoto gamit ang isang pansamantalang balota,** kung hindi mo dala ang iyong orihinal na balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo.
- 6. Karapatang humingi ng tulong sa pagpapatala ng iyong balota** mula sa sinumang pinili mo, maliban sa iyong tagapag-employo o kinatawan ng unyon.
- 7. Karapatang ihulog ang iyong kinumpletong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo sa alinmang botohan** sa California.
- 8. Karapatang kumuha ng mga materyal sa halalan sa isang wikang iba sa Ingles** kung may sapat na bilang ng mga tao sa iyong presinto ng pagboto na nagsasalita ng wikang iyon.
- 9. Karapatang magtanong sa mga opisyal sa halalan tungkol sa mga pamamaraan ng paghalal** at masdan ang proseso ng halalan. Kung hindi masagot ng taong tinanong mo ang iyong mga katanungan, dapat silang magpadala sa iyo ng tamang tao para sa sagot. Kung ikaw ay nakakaabala, maaari silang tumigil sa pagsagot sa iyo.
- 10. Karapatang iulat ang anumang labag sa batas o madayang gawain sa halalan** sa isang opisyal sa mga halalan o sa opisina ng Kalihim ng Estado.
 - Sa web sa www.sos.ca.gov
 - Sa pamamagitan ng telepono sa (800) 339-2957
 - Sa mail sa elections@sos.ca.gov

Kung naniniwala kayong ipinagkait sa inyo ang alinman sa mga karapatang ito, tumawag sa kumpidensiyal at walang-bayad na Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado sa (800) 339-2957.

Mga Tinatayang Gastos upang Mapangasiwaan ang Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa Gobernador ng California

Alinsunod sa seksyon 11108(d) ng Kodigo ng mga Halalan, natantya ng Kagawaran ng Pananalapi, nang may pagkonsulta sa Kalihim ng Estado at mga opisyal ng mga halalan ng county, ang mga gastusin upang mapangasiwaan ang halalan sa pagpapaalis sa katungkulan kay Gobernador Gavin Newsom sa halagang \$276 milyon.

Para sa higit pang impormasyon kaugnay sa mga gastusin sa halalan sa pagpapaalis sa katungkulan, pakitingnan ang website ng Kalihim ng Estado sa: <https://elections.cdn.sos.ca.gov/recalls/dept-finance-letter.pdf>



Pahayag ng mga Tagapagtaguyod sa mga Dahilan para sa Pagpapaalis sa Katungkulan at ang Sagot ng Gobernador

Ang petisyon sa pagpapaalis sa katungkulan na ipinapalaganap sa buong estado ay may kasamang Pahayag sa mga Dahilan para sa pagpapaalis sa katungkulan at Sagot ng Gobernador sa Pahayag, na ibinigay sa ibaba alinsunod sa seksyon 11325 ng Kodigo ng mga Halalan.

Pahayag ng mga Tagapagtaguyod sa mga Dahilan

KAGALANG-GALANG NA GAVIN NEWSOM: Alinsunod sa seksyon 11020 ng Kodigo ng mga Halalan ng California, nagbibigay ng abiso sa pamamagitan nito ang mga nakapirmang rehistradong kwalipikadong botante ng Estado ng California, kami ang mga tagapagtaguyod ng isang petisyon sa pagpapaalis sa katungkulan at layunin naming hingin ang inyong pag-alis sa katungkulan at pagbaba sa posisyon ng Gobernador sa Estado ng California at hinihingi naming magkaroon ng halalan para sa papalit sa posisyong ito.

Ang mga Sumusunod ay ang mga dahilan ng pagpapaalis sa katungkulan: Nagpatupad si Gobernador Newsom ng mga batas na nakakapinsala sa mga mamamayan ng estadong ito at sa ating paraan ng pamumuhay. Ang mga batas na inirekomenda niya ay mas pumapabor sa mga dayuhan, sa mga iligal sa ating bansa, sa halip na sa sarili nating mga kababayan. Dahil dito, ang mga tao sa estadong ito ang nagbabayad ng pinakamataas na buwis sa buong bansa, ang nakakaranas ng pinakamataas na antas ng kawalan ng tirahan, at nagkakaroon ng pinakamababang kalidad ng pamumuhay. Ginawa niyang sanctuary state ang katayuan ng estado at nabigo siya sa pagpapatupad ng mga batas sa imigrasyon. Hindi niya hiningi ang opinyon ng mga tao kaugnay ng parusang kamatayan. Nais pa niyang magpatupad ng mga karagdagang pagpapahirap sa ating estado sa pamamagitan ng mga sumusunod; pag-aalis sa mga proteksyon ng Proposition 13, pagrarasyon ng ating paggamit sa tubig, pagpapataas ng mga buwis at pagbabawal sa mga karapatan ng mga magulang. Dahil sa kawalan ng ibang remedyo, kaming lahat ay nagsama-sama bilang mga mamamayan upang isagawa ang pagkilos na ito, ayusin ang mga maling gawain na ito, at pigilan ang anupamang kawalan ng katarungan.

Sagot ng Gobernador sa Pahayag

BABALA: POSIBLENG MAGBAYAD NG 81 MILYONG DOLYAR ANG MGA NAGBABAYAD NG BUWIS SA CALIFORNIA DULOT NG WALANG BATAYANG PAGKILOS NA ITO KAUGNAY NG PAGPAPAALIS SA KATUNGKULAN! ISINUSULONG ITO NG MGA EKSTRIMISTANG PULITIKONG SUMUSUPORTA SA MAPOOT NA PAG-ATAKE NI PANGULONG TRUMP SA CALIFORNIA.

Noong 2018, inihalal ng makasaysayang bilang ng mga botante sa California si Gobernador Gavin Newsom.

Bilang Gobernador, pinagsisikapan ni Newsom na 1) pataasin ang pondo para sa pampublikong edukasyon, 2) protektahan at tiyakin ang kalusugan at pangangalagang pangkalusugan ng mga taga-California, 3) mapaganda ang serbisyo sa tubig, ang mga daan, at mga tulay, 4) matugunan ang mga hamon sa pagiging abot-kaya ng mga pabahay at kawalan ng tirahan, at 5) mapaghandaan ang mga banta ng wildfire.

Balanse ang ating badyet. Wala pang katulad ang ating reserbang pananalapi. Matibay na noon pa man ang ating ekonomiya at hanapbuhay.

Subalit may ilang partidistang aktibista na sumusuporta kay Pangulong Trump at sa kanyang mga mapaminsalang mithiin na pagwatak-watakin ang America, na sumusubok na sirain ang nagkakaisang determinasyon ng mga botante ng California at dalhin ang sirang gobyerno ng Washington sa California sa pamamagitan ng pagkilos na ito kaugnay ng pagpapaalis sa katungkulan.

Hindi kailangan ng California ng isa na namang mapag-aksayang espesyal na halalan na suportado ng mga taong gusto lang sirain ang mga mamamayan ng California at buwagin ang mga pagpapahalaga ng California.

Huwag magpaloko - LUBOS NA TINUTUTULAN ng mga opisyal ng pulisya, mga bumpero, mga unang tagaresponde, mga guro sa pampublikong paaralan, mga provider ng kalusugan, at mga lider ng negosyo ng California ang napakamahal na pagpapaalis sa katungkulan na ito.

HUWAG IBIGAY ANG INYONG LAGDA, ANG INYONG SUPORTA O ANG INYONG PERSONAL AT PRIBADONG IMPORMASYON PARA SA MAPAMINSALANG PAKANA NA ITO SA PAGPAPAALIS SA KATUNGKULAN.



Pahayag ni Gobernador Newsom

Pinahihintulutan ng batas ng estado ang halal na opisyal, na pinapatungkulan ng hangad na recall o pagkakatanggal sa katungkulan, na mag-file ng pahayag, at nang makasama ito sa pamplet na nagbibigay ng impormasyon sa mga botante ng county. Isinumite ni Gobernador Newsom ang sumusunod na pahayag sa Department of Elections (Departamento ng mga Eleksyon) ng San Francisco.

Hinamon tayong lahat nitong nakaraang isang taon at kalahati. Ngunit tinugunan ng mga taga-California ang sandaling ito.

Sumunod ang ating estado sa siyensiya at agresibong kumilos upang makapagligtas ng mga buhay at makatulong sa pinakanakaranas ng matinding hirap.

Salamat sa inyong kolektibong pagsusumikap, natatalo na ng California ang pandemya.

Ang mga taga-California ang ilan sa may pinakamahuhusay na antas ng pagpapabakuna sa bansa – kung kaya't mas mahusay ang proteksiyon natin laban sa variants (kalapit na uri ng virus), kung ihahambing sa karamihan sa iba pang estado.

Ngayon, nagkakaroon na ng panunumbalik ng lakas ang California.

Naniniwala akong kailangang gamitin ng California ang minsan lamang sa buhay na sandaling ito upang magsama-sama at matiyak na bawat residente – anuman ang lahi o zip code – ay maaaring makinabang mula sa ating pagbangon.

Iyan ang dahilan kung bakit inilunsad ko ang \$100 bilyon na California Comeback Plan (Plano para sa Pagpapanumbalik ng Lakas ng California) – na pinakamalaking economic recovery package o pinagsamang mga hakbang para sa pagbangon, sa kasaysayan ng estado.

Dalawa sa tatlong pamilya na taga-California ang tatanggap ng hindi bababa sa \$600 na direktang ayuda, at 200,000 maliliit na negosyo ang makikinabang sa ating mga programa para sa ayuda.

Mamumuhunan tayo sa mga solusyon para sa ating pinakamaiigting na hamon – kawalan ng tahanan, edukasyon, imprastruktura, at wildfire o mabibilis kumalat na sunog.

Gayon pa man, posibleng mapasapanganib ang lahat ng inyong sakripisyo at ang pag-unlad ng ating estado kapag nagtagumpay ang recall na ito.

Hinihiling ko sa inyong bumoto ng HINDI sa recall upang makabalik na tayo sa kung ano ang mahalaga – ang ating pagbangon at ang paglutas sa pinakamalalaking hamon sa ating estado.

Gobernador Newsom



Ang Inyong Balota para sa Recall na Eleksyon

May dalawang bahagi ang recall (pagtatanggal sa halal na opisyal sa katungkulan) na labanan sa inyong Setyembre 14, 2021 na balotang Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa Gobernador ng California: ang tanong para sa recall na, “Dapat bang mapaalis sa Katungkulan ng Pagkagobernador si GAVIN NEWSOM?” na nasa harap ng balota, at ang listahan ng mga pamalit na kandidato na nasa likod ng balota.

Maaari ninyong piliing bumoto lamang sa unang bahagi, sa pangalawang bahagi, o sa dalawang bahagi.

Kapag pinili ng karamihan sa mga botante ang “Oo” sa unang bahagi ng recall na labanan, matatanggal sa katungkulan si Gobernador Newsom; kapag naman karamihan sa mga botante ang pumili ng “Hindi” sa unang bahagi, mananatili sa katungkulan si Gobernador Newsom.

Kapag na-recall si Gobernador Newsom (pinili ng karamihan sa mga botante ang “Oo” sa unang bahagi ng recall na labanan), ang pamalit na kandidatong may pinakamaraming boto sa ikalawang bahagi ang siyang papalit sa kanya bilang gobernador.

Kinakatigang Politikal na Partido ng Kandidato

Sa recall na balota, makikitang katabi ng pangalan ng kandidatong pamalit sa gobernador ang kinakatigan niyang rehistradong politikal na Partido, kung mayroon man, sa kondisyon na pinunan ng kandidato ang ballot designation worksheet (form na pinupunan ng kandidato) na inaprubahan ng Kalihim ng Estado.



Pagmamarka sa Inyong Balota

1. Bago kayo gumawa ng mga pagpili, basahin ang lahat ng instruksiyon na naka-imprensa sa magkabilang panig ng balota.
2. Upang matiyak na mababasa at mabibilang ang inyong mga piniling pagbotohan, gumamit ng panulat na may matingkad na tinta o lapis.
3. Huwag magsulat ng personal na impormasyon tulad ng inyong pangalan o address saanman sa magkabilang panig ng inyong balota.
4. Para bumoto sa unang bahagi ng labanan, punan ang oval na katabi ng “Oo” o “Hindi” sa harap ng balota.
5. Para bumoto sa nakalistang kandidato sa pangalawang bahagi ng labanan, punan ang oval na katabi ng pangalan ng kandidato sa likod ng balota.
6. Upang bumoto para sa kuwalipikadong write-in (isinusulat-lamang ang pangalan) na kandidato sa pangalawang bahagi, punan ang oval na katabi ng blankong espasyo sa ibaba ng listahan ng mga pangalan at isulat sa espasyong iyon ang pangalan ng napili ninyong kandidato. (Makukuha ang listahan ng mga kuwalipikadong write-in na kandidato sa sfelections.org/writein at sa Sentro ng Botohan sa City Hall simula sa Setyembre 3, pati na rin sa lahat ng lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, na Setyembre 14).
7. Kung boboto man kayo sa isa o sa dalawang bahagi ng recall na labanan, maaari lamang kayong pumili ng isa sa bawat bahagi. Sa madaling salita, huwag kayong boboto ng parehong “Oo” at “Hindi” o pumili ng mahigit sa isang pamalit na kandidato.
8. Kung nagkamali kayo habang minamarkahan ang inyong (mga) napili, may karapatan kayong humiling ng bagong balota, kaya’t tingnan ang pahina 13 para sa mga instruksiyon.

Pag-endorso ng Partido sa mga Kandidato

Pinahihintulutan ng pang-estadong batas ang mga kuwalipikadong politikal na partido na mag-endorso ng mga kandidato para sa mga katungkulang nomindado ng botante, tulad ng Katungkulan ng Gobernador, sa opisyal na mga pamplet na nagbibigay ng impormasyon sa botante ng county. Para sa eleksyong ito, maayos at maagap na natanggap ng Departamento ng mga Eleksyon ang sumusunod na pag-endorso:

Partidong Amerikanong Independiyente: Larry Elder

Partidong Libertaryan: Jeff Hewitt

Volunteer! Be a Poll Worker!

Election Day, Tuesday, September 14

It takes more than 2,500 Poll Workers to conduct an election. Poll Workers operate polling places on Election Day and assist voters in many parts of the voting process. Some Poll Workers have volunteered during every election for decades. Poll Workers include people from all areas of our community. High school students, retirees, and hundreds of people take a day off from their regular lives to be of service to San Francisco voters!

To be a Poll Worker, you must be:

- A registered California voter, or
- A U.S. legal permanent resident, age 18 or older, or
- A San Francisco high school student at least age 16 or older*.

If you are bilingual in English and Chinese, Spanish, Filipino, Burmese, Japanese, Korean, Thai, or Vietnamese, we encourage you to apply!

Earn a stipend of up to \$240 while helping your community vote.

Apply online at sfelections.org/pw



* High School students can visit sfelections.org/student for instructions and to download an application.

For more information, visit sfelections.org/pw or call the Department of Elections Poll Worker Division at (415) 554-4395.





Mga Opsiyon sa Pagboto

Bilang botante ng San Francisco, maaari kayong bumoto sa nalalapit na eleksyon sa pamamagitan ng koreo o nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan.

Bumoto at Ibalik ang inyong Balotang Vote-by-Mail (Ipinadadala sa Pamamagitan ng Koreo)

Mga bandang Agosto 16, 2021, magsisimula nang magpadala sa lahat ng lokal na rehistradong botante ang Departamento ng mga Eleksyon ng paketeng vote-by-mail (VBM), kung saan bawat isa ay may kalakip na opisyal na balota, mga instruksiyon, “Bumoto ako” na sticker, at pambalik na sobre na bayad na ang selyo. Sa Agosto 16, bubuksan din ng Departamento sa sfelections.org/access ang magagamit na sistemang vote-by-mail (AVBM), na may balotang nababasa sa screen at magagamit kasama ng pampersonal na mga aparatong nakatutulong. Para sa eleksyong ito, bukas ang sistemang AVBM sa lahat ng botante.

Kung gagamit man kayo ng balotang VBM na dumating mula sa koreo o ng sistemang AVBM, siguraduhin na makokompleto at mapipirmahan ninyo ang pambalik na sobre at maibabalik ang balota sa oras, gamit ang isa sa mga opsiyon na ipinapakita sa tsart sa ibaba.

	Apat na Opsiyon sa Pagbalik ng Inyong Balotang VBM
1. Sa pamamagitan ng koreo	<p>Ipadala sa koreo ang inyong balota gamit ang nabayaran nang pambalik na sobre na nakalakip sa inyong paketeng VBM.</p> <p>Para mabilang, kailangang mai-postmark ang mga balota bago o sa Setyembre 14. Kung plano ninyong ipadala sa koreo ang inyong balota sa Araw ng Eleksyon, i-check ang mga oras ng pag-pickup upang matiyak na ang huling pickup ay hindi pa nangyayari.</p>
2. Nang personal sa estasyon na hulugan ng balota*	<p>Dalhin ang inyong balota sa alinmang opisyal na estasyon na hulugan ng balota sa San Francisco. Magkakaroon ang mga estasyon na hulugan ng balota ng mga pulang kahon para sa balota na may opisyal na tatak ng Lungsod at County ng San Francisco at naroroon para maglingkod ang mga nakasuot ng pulang tsaleko na kawani ng Departamento ng mga Eleksyon. Para sa seguridad, kokolektahin araw-araw ang mga nabotohang balota mula sa mga lokal na estasyon na hulugan ng balota. Magbubukas ang mga opisyal na estasyon na hulugan ng balota nang ayon sa mga sumusunod:</p> <p>City Hall Lunes–Biyernes, Agosto 16–Setyembre 13, 8 a.m.–5 p.m. (maliban sa Labor Day, Setyembre 6) Sabado at Linggo, Setyembre 4–5 at Setyembre 11–12, 10 a.m.–4 p.m. Araw ng Eleksyon, Martes, Setyembre 14, 7 a.m.–8 p.m.</p> <p>Richmond Branch Library, 351 9th Avenue Golden Gate Valley Branch Library, 1801 Green Street City College - Chinatown Campus, 808 Kearny Street Ortega Branch Library, 3223 Ortega Street Park Branch Library, 1833 Page Street Chase Center, 3rd Street sa Warriors Way Merced Branch Library, 155 Winston Drive Noe Valley Branch Library, 451 Jersey Street</p>



	<p>City College - Mission Campus, 1125 Valencia Street Bayview Branch Library, 5075 3rd Street Excelsior Branch Library, 4400 Mission Street Sabado at Linggo, Setyembre 11–12, 10 a.m.–4 p.m. Lunes, Setyembre 13, 8 a.m.–5 p.m. Araw ng Eleksyon, Martes, Setyembre 14, 7 a.m.–8 p.m.</p>
3. Nang personal sa lugar ng botohan*	<p>Dalhin ang inyong balota sa alinmang 588 lugar ng botohan sa San Francisco. Bukas ang mga lugar ng botohan sa Araw ng Eleksyon, Setyembre 14, mula 7 a.m.–8 p.m. para sa pagboto nang personal at sa paghuhulog ng balota. Upang mahanap ang malapit sa inyong lokasyon na hulugan ng balota, bisitahin ang sfelections.org/MyVotingLocation.</p>
4. Bigyan ng awtorisasyon ang iba para ibalik ang inyong balota	<p>Kung ibang tao ang magbabalik ng inyong balota, kompletuhin lamang ang seksiyong <i>Awtorisasyon para sa Pagbalik ng Balota (Ballot Return Authorization)</i> na nasa likod ng inyong pambalik na sobre.</p>

*Maaari din ninyong ibalik ang inyong balota sa alinmang opisyal na estasyon na hulugan ng balota o lugar ng botohan sa California hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Setyembre 14 — ipaadala sa San Francisco ang mga lokal na balota na ibinalik sa ibang county.

Bumoto sa City Hall sa Pagitan ng Agosto 16 at sa Araw ng Eleksyon

Para sa nalalapit na eleksyon, magbubukas ang Sentro ng Botohan sa City Hall para sa lahat ng lokal na botante na nais magparehistro upang makaboto o bumoto nang personal, makagamit ng nakatutulong sa may kapansanan sa pagboto, makatanggap ng personal na tulong, o magbalik ng kanilang balotang vote-by-mail:

- Tuwing Lunes hanggang Biyernes (maliban sa Labor Day, Setyembre 6), mula 8 a.m. hanggang 5 p.m.
- Huling dalawang Sabado at Linggo (Setyembre 4–5 at Setyembre 11–12), mula 10 a.m. hanggang 4 p.m.
- Sa Araw ng Eleksyon (Martes, Setyembre 14), mula 7 a.m. hanggang 8 p.m.

Bumoto sa Nakatalaga para sa Inyong Lugar ng Botohan sa Araw ng Eleksyon

Sa pagitan ng 7 a.m. at 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Setyembre 14, magbubukas ang 588 lugar ng botohan para sa mga lokal na botante na nais magparehistro upang makaboto o bumoto nang personal, makagamit ng nakatutulong sa may kapansanan sa pagboto, makatanggap ng personal na tulong, o magbalik ng kanilang balotang vote-by-mail.

Nakaimprenta sa likod na pabalat ng inyong pamplet ang address ng itinalaga para sa inyong lugar ng botohan, kasama na ang impormasyon ukol sa paggamit ng may kapansanan sa lugar at sa naka-slope o padalisdis na daanan sa pasukan. Kapag nagbago ang address ng inyong lugar ng botohan, susubukan ng Departamento ng mga Eleksyon na abisuhan kayo sa pamamagitan ng postcard at ng pagpapaskil ng karatula sa dati ninyong lugar ng botohan. Bago mangyari ang botohan sa Araw ng Eleksyon, maaari ninyong bisitahin ang [sfelections.org/MyVotingLocation](https://www.sfelections.org/MyVotingLocation) upang kumpirmahin ang address ng inyong lugar ng botohan.



Mga Madalas Itanong Ukol sa Pagboto sa San Francisco

Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Recall Election Ballot (Balotang Nagtatanong Kung Dapat Bang Tanggalin ang Halal na Opisyal sa Katungkulan)

Ilang labanan ang kasama sa balota sa Setyembre 14 na eleksyon? Ang labanan lamang na recall o ukol sa pagkakatanggal sa pagkagovernador ang tanging labanan na nasa balota para sa Setyembre 14 na eleksyon, ngunit may dalawang bahagi ito: Ang tanong para sa recall sa harap ng balota ay, “Dapat bang mapaalis sa Katungkulan ng Pagkagovernador si GAVIN NEWSOM?”, at ang listahan ng mga pamalit na kandidato sa likod ng balota.

Kailangan ko bang bumoto sa dalawang bahagi ng recall na labanan? Hindi. Maaari ninyong piliing bumoto lamang sa unang bahagi, sa pangalawang bahagi, o sa dalawang bahagi. Kung boboto man kayo sa isa o sa dalawang bahagi ng recall na labanan, maaari lamang kayong pumili ng isa sa bawat bahagi. Sa madaling salita, huwag kayong boboto ng parehong “Oo” at “Hindi” o pumili ng mahigit sa isang pamalit na kandidato.

Paano ako boboto sa unang bahagi ng recall na labanan? Gumamit ng panulat na may matingkad na tinta o lapis para punan ang oval na katabi ng “Oo” o “Hindi” sa harap ng balota.

Kapag pinili ng karamihan sa mga botante ang “Oo” sa unang bahagi, matatanggal sa katungkulan si Gobernador Newsom; kapag naman karamihan sa mga botante ang pumili ng “Hindi” sa unang bahagi, mananatili sa katungkulan si Gobernador Newsom.

Paano ako boboto ng pamalit na kandidato sa pangalawang bahagi ng recall na labanan? Gumamit ng panulat na may matingkad na tinta o lapis para punan ang oval katabi ng pangalan ng isang kandidato o punan ang oval sa tabi ng blankong espasyo na nasa ibaba ng listahan at isulat ang pangalan ng kuwalipikadong write-in (isinusulat ang pangalan) na kandidato. (Para sa listahan ng mga kuwalipikadong write-in na kandidato, pumunta sa sfelections.org/writein).

Kapag na-recall si Gobernador Newsom (pinili ng karamihan sa mga botante ang “Oo” sa unang bahagi ng recall na labanan), ang pamalit na kandidatong may pinakamaraming boto sa ikalawang bahagi ang siyang papalit na gobernador.

Paano bibilangin ang mga boto sa recall na labanan? Independiyenteng bibilangin ang mga boto sa una at ikalawang bahagi ng labanang recall. Papalitan lamang bilang gobernador si Gobernador Newsom ng kandidatong nakatanggap ng pinakamaraming boto sa pangalawang bahagi kapag mas marami ang mga botong “Oo” sa mga botong “Hindi” sa unang bahagi ng labanan.

Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagboto nang Personal

Maaari ba akong bumoto sa alinmang lugar ng botohan sa San Francisco? Pinakamabuting bumoto kayo sa itinalaga para sa inyong lugar ng botohan. Kung boboto kayo sa ibang lugar ng botohan, hindi nakalista ang pangalan ninyo sa listahan ng mga botante at hihilingin sa inyong bumoto sa isang probisyonal na balota.

Ano-anong uri ng tulong at impormasyon na nasa iba’t ibang wika ang makukuha sa mga lugar kung saan puwedeng bumoto nang personal? Parehong mag-aalok ang Sentro ng Botohan sa City Hall at ang lahat ng 588 lugar ng botohan sa San Francisco ng mga nasa dalawang wika na balota na nasa Ingles at Tsino, Espanyol, at Filipino. Dagdag pa rito, ang ilan sa mga lugar ng botohan ay mag-aalok din ng mga balotang facsimile (sanggunian) sa Burmese, Hapones, Koreano, Thai, at Vietnamese. Magbibigay din ng tulong sa iba’t ibang wika ang mga bilingual (dalawa ang sinasalitang wika) na kawani sa karamihan ng mga lugar ng botohan sa komunidad.



Ano-anong tulong at impormasyon sa may kapansanan ang makukuha sa mga lugar kung saan puwedeng bumoto nang personal? Mag-aalok ng serbisyo sa pagboto sa gilid ng daan (curbside voting), kagamitang pantulong sa may kapansanan sa pagboto, mga kasangkapan, at personal na tulong ang lahat ng lugar ng botohan kung saan maaaring bumoto nang personal. Maaaring pakiusapan ng sinumang botante ang isa o dalawang tao na tulongan siyang markahan ang kanyang balota, basta't ang tutulong ay hindi tagapag-employo ng botante o kinatawan ng kanyang unyon, at hindi magtatangkang impluwensyahan ang botante.

Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Paghahatid ng Vote-By-Mail na Balota

Paano kung hindi dumating sa koreo ang aking balota? Maaari ninyong masubaybayan kung nasaan na ang inyong balota sa proseso ng pagpapadala sa koreo sa sfelections.org/voterportal. Kung nakalipas na ang tatlong araw mula nang ipadala ang inyong balota, maaari kayong humiling ng pamalit na balota sa sfelections.org/voterportal o sa pamamagitan ng pagtawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.

Paano ako makakukuha ng pamalit na vote-by-mail na balota? Upang humiling ng pamalit na balota bago ang Setyembre 8, pumunta sa sfelections.org/voterportal o tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310. Matapos ang petsang iyon, makipag-ugnayan sa Departamento sa lalong madaling panahon para mapag-usapan ang inyong mga opsiyon.

Maaari ko bang gamitin ang Nagagamit ng Lahat na sistemang Vote-By-Mail (AVBM) para makuha ang aking balota? Maaaring makuha at mamarkahan ng sinumang botante ang kanyang balota sa sfelections.org/access. Kailangang i-print at ibalik nang personal o sa pamamagitan ng koreo ang mga balotang AVBM.

Paano ko masusubaybayan ang aking balotang vote-by-mail? Maaari ninyong masubaybayan sa sfelections.org/voterportal ang inyong balotang vote-by-mail mula sa pagbubuo nito hanggang sa pagpapadala, beripikasyon, at pagbilang. O mag-sign up sa wheresmyballot.sos.ca.gov para makatanggap ng mga notipikasyon sa email, text, o voice message ukol sa inyong balota. Maaari din kayong tumawag o magpadala ng email sa Departamento ng mga Eleksyon.

Mga Madalas Itanong (FAQs) tungkol sa Pagbalik ng Balotang Vote-By-Mail

Maaari ko bang ibalik ang aking balota sa pamamagitan ng koreo sa mismong Araw ng Eleksyon? Para mabilang ang inyong balota, kailangan malagyan ng postmark ang pambalik na sobre ng balota hanggang sa Araw ng Eleksyon, na Setyembre 14. Kung ipadadala ninyo sa koreo ang inyong pambalik na sobre ng balota matapos mangyari ang huling oras ng pagpi-pickup sa Araw ng Eleksyon, huli nang malalagyan ng postmark ang inyong balota para ito'y mabilang. Hanapin ang mga lokasyon ng USPS box at mga oras ng pagpi-pickup sa usps.com/locator.

Paano ko pipirmahan ang pambalik na sobre ng aking balota? Lagdaan ang inyong sobre gamit ang huling pirma na ginamit sa inyong aplikasyon sa pagpaparehistro bilang botante. Kung nagbago na ang inyong pangalan at pirma, mangyaring muling magparehistro sa registertovote.ca.gov. Kung hindi ninyo pinirmahan ang inyong pambalik na sobre para sa balota, o hindi nagtugma ang inyong pirma sa sobre sa alinmang pirma sa inyong rekord bilang botante, maaaring hamunin ang inyong balota at kailangan ninyong ayusin ang problema bago mabilang ito.

Saan ko maaaring ihulog ang aking vote-by-mail na balota? Maaari ninyong ibalik ang inyong namarkahang balota sa alinmang opisyal na estasyon na hulugan ng balota o lugar ng botohan sa California – ipapadala sa San Francisco ang mga lokal na balotang hinulog sa ibang county. Para sa mga lokasyon at oras ng mga opisyal na estasyon na hulugan ng balota sa San Francisco, pumunta sa pahina 10 o sa sfelections.org/balotdropoff.



Mga Madalas Itanong (FAQs) ukol sa Pagpaparehistro

Sino ang kuwalipikadong magparehistro at bumoto sa California? Upang makaboto sa mga eleksyon sa California, kinakailangang kayo ay: 1) mamamayan ng Estados Unidos, 2) residente ng California, 3) hindi bababa sa 18 taong gulang ang edad sa Araw ng Eleksyon, 4) hindi napatunayan ng korte na may pagkukulang sa isip upang makaboto, at 5) hindi kasalukuyang nagsisilbi ng pang-estado o pampederal na sentensiya sa kulungan nang dahil sa hatol na matinding kaso ng paglabag sa batas.

Pakitandaan na inamyendahan ng pagpasa sa Proposisyon 17 noong Nobyembre 2020 na eleksyon ang Konstitusyon ng estado para pahintulutan ang mga karapat-dapat na residente na nasa parol na magparehistro upang makaboto.

Maaari ba akong magparehistro para makaboto sa California bago ako maging 18 taong gulang? Kung 16 o 17 taong gulang na kayo at natutugunan ang iba pang pangangailangan ng estado sa pagpaparehistro ng botante, maaari kayong magpaunang rehistro upang makaboto at magiging aktibo ang inyong rehistrasyon pagsapit ng inyong ika-18 na kaarawan.

Maaari ba akong magparehistro upang makaboto sa California kung bago pa lang akong naging mamamayan? Kung naging mamamayan kayo ng U.S. matapos ang regular na deadline ng rehistrasyon sa Agosto 30, maaari kayong magparehistro at bumoto nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan.

Maaari ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako ng tirahan sa lungsod? Kung lumipat kayo sa loob ng San Francisco, maaari kayong muling magparehistro sa registertovote.ca.gov o i-update ang inyong address sa sfelections.org/voterportal o sa lugar ng botohan kung saan makaboboto nang personal.

Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako sa loob ng California? Kung lumipat kayo sa bagong address sa California na nasa labas ng San Francisco, maaari kayong muling magparehistro sa registertovote.ca.gov o makipag-ugnayan sa opisyal ng mga eleksyon ng bago ninyong county.

Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung lumipat na ako sa ibang estado? Kung lumipat na kayo sa ibang estado, maaari kayong magparehistro sa inyong lokal na opisyal ng mga eleksyon. Maaari din kayong makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon para kanselahin ang inyong rehistrasyon sa San Francisco.

Maaari pa rin ba akong bumoto sa San Francisco kung kasalukuyan akong nakatira sa ibang bansa? Kung pansamantala kayong naninirahan sa ibang bansa, maaari kayong muling magparehistro sa registertovote.ca.gov o fvap.gov at humiling ng balota na ipapadala sa pamamagitan ng koreo, fax, o email.



Matutulungan namin kayo: Tulong sa wikang Filipino

Alinsunod sa mga pampederal at pang-estadong batas tungkol sa language access, nagkakaloob ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga materyales at tulong sa mga wikang Tsino, Espanyol, at Filipino, pati na sa Ingles. Patuloy na binibigyang prayoridad ng Departamento ang programa nitong multilingual, at ang pagpapahusay ng serbisyo nito sa lahat ng botante, kabilang na ang mga may limitadong kahusayan sa wikang Ingles. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa sfelections.org o tumawag sa (415) 554-4310.

Libreng mga Klase sa Ingles

Ang mga taong gustong matuto ng English as a Second Language (Ingles bilang Pangalawang Wika, ESL) ay maaaring pumunta o tumawag sa sumusunod na mga opisina para makakuha ng impormasyon tungkol sa libreng mga klase:

City College of San Francisco: *ccsf.edu/esl*

Civic Center Campus

1170 Market Street.....(415) 561-1875

Chinatown / North Beach Campus

808 Kearny Street..... (415) 395-8600 o (415) 395-8621

Downtown Campus

88 4th Street..... (415) 267-6500 o (415) 267-6543

Evans Campus

1400 Evans Avenue(415) 550-4440

John Adams Campus

1860 Hayes Street (415) 561-1835 o (415) 561-1836

Mission Campus

1125 Valencia Street..... (415) 920-6000 o (415) 920-6067

Ocean Campus

50 Frida Kahlo Way (415) 239-3427 o (415) 239-3003

Southeast Campus

1800 Oakdale Avenue(415) 550-4344



Accessible na Pagboto at mga Serbisyo

Nagbibigay ang Departamento ng mga Eleksyon ng iba't ibang accessible na programa at mga serbisyo upang makatulong sa mga botante na bumoto nang pribado at independiyente.

Accessible na mga Materyales para sa Eleksyon

Makukuha ang Pamplet ng Impormasyon para sa Botante (VIP) sa mga sumusunod na accessible na format:

- Sa *sfelections.org* sa format na PDF, HTML, at XML.
- Large print (malaki ang pagkakaimprenta).

Para humiling ng accessible na format ng VIP, tumawag sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310.

Accessible na Sistemang Vote-By-Mail

Nagpapahintulot ang Accessible na Sistemang Vote-by-Mail (AVBM) sa sinumang botante na markahan ang online na balotang nababasa sa screen. Akma rin ito sa mga personal na aparatong may teknolohiyang nakatutulong, tulad ng head-pointer at sip-and-puff. Upang ma-access ang Sistemang AVBM, bumisita sa *sfelections.org/access*. Bukas ang sistemang AVBM mula Agosto 16, 2021 hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Setyembre 14, 2021.

Para sa mga dahilan na panseguridad, hindi nag-iimbak o nagpapadala ng mga boto ang sistemang AVBM sa internet. Pagkatapos markahan ang AVBM na balota, kailangang i-print at ibalik ng botante ang balota nang personal o sa pamamagitan ng koreo.



Ballot-Marking Devices (Mga Aparatong Pang-Marka ng Balota)

Mayroong mga accessible na ballot-marking device ang lahat ng lokasyon kung saan maaaring bumoto nang personal. Dahil hindi nagbibilang ng boto ang ballot-marking device, kailangang i-print ng botante ang papel na balota at i-scan ito gamit ang parehong makina na ginagamit upang i-scan ang mga regular na papel na balota.

Pinahihintulutan ng accessible na ballot-marking device ang sinumang botante na tingnan o masagutan ang iba't ibang bahagi at markahan ang kanyang balota gamit ang alinmang kombinasyon ng mga sumusunod na accessible na katangian:

- Mga opsiyon sa format ng touchscreen, audio, o touchscreen/audio format ng mga balota.
- Mga opsiyon para baguhin ang wika, laki ng letra, bilis ng audio, lakas ng tunog, at kulay.
- Mga instruksiyon na audio sa wikang Ingles, Cantonese, Mandarin, Espanyol, at Filipino.
- Mga privacy screen para sa mga touchscreen at headphone na natatangal ang suklob.
- Akma sa sip-and-puff, paddle, head-pointer at iba pang aparato.
- Audio o biswal na pagsusuri sa mga pinagpilian sa pagboto sa lahat ng labanan.

Personal na Tulong at mga Opsiyon sa Pagpapadala ng Balota

Maaaring humiling ang sinumang botante ng hanggang sa dalawang tao (maliban sa tagapag-empleyo ng botante, ahente ng tagapag-empeleyo ng botante, o opisyal o ahente ng unyon na miyembro ang botante) na tulungan siya sa pagmamarka ng kanyang balota. Maaari ding magtanong ang botante sa mga manggagawa sa lugar ng botohan para sa mga nabanggit na tulong. **Hindi dapat manghimasok**



sa proseso ng pagboto o gumawa ng desisyon para sa botante ang sinumang tumutulong sa botante sa pagmamarka ng kanyang balota.

Maaaring humiling ang sinumang botante na bumoto sa “gilid ng daan” sa kahit saanmang lugar ng botohan na maaaring bumoto nang personal sa pamamagitan ng pagtawag sa (415) 554-4310 o pakikiusap sa kasama na pumasok sa loob ng botohan upang humiling na ipadala sa botante sa labas ang mga materyales sa pagboto.

Simula Setyembre 8, ang sinumang botante na hindi kayang makalabas dahil sa sakit, kapansanan, o pagkapiit, kasama na ang sinumang botante na sumasailalim sa kuwarantenas na may kaugnayan sa COVID-19, ay maaaring mag-awtorisa ng ibang tao, pati na ng kawani ng Departamento ng mga Eleksyon, para kumuha at maghatid ng pang-emergency na balota na vote-by-mail para sa kanya. Upang humiling na mapadalhan ng pang-emergency na balota sa huling linggo ng panahon ng pagboto, kompletuhin ang form sa *sfelections.org/ballotservices*, o tumawag sa (415) 554-4310.

Iba pang Makukuhang Tulong para sa Accessible na Pagboto

Ang lahat ng lokasyon ng botohan kung saan maaaring bumoto nang personal ay mayroong mga accessible na kagamitan sa pagboto, kasama na ang mga lente at panulat na madaling hawakan para sa pagpirma ng listahan at pagmamarka ng balota. Ang lahat ng lokasyon ng botohan ay mayroon ding mga pasukan na accessible sa wheelchair, pati na rin ng mga booth ng botohan na accessible sa wheelchair at maaaring maupuan, at lahat ng ito ay markado ng pandaigdigang simbolo para sa pag-access.



Nahihirapan ba kayong bumoto dahil sa kapansanan?

TUMAWAG SA: 1-888-569-7955

Ang **Disability Rights California** ay nangangasiwa ng **Voting Hotline** (matatawagang numero):

7:00 AM hanggang 8:00 PM sa Setyembre 14, 2021, para sa Halalan sa Pagpapaalis sa Katungkulan sa Gobernador ng California

Tumatanggap rin kami ng mga tawag bago sa, at pagkatapos ng eleksyon.


Layunin namin ang tumulong sa mga botanteng may kapansanan na magkaroon ng matagumpay na ekspiryensya sa pagboto, at tukuyin ang mga isyu na maaari naming tugunan.

Get Vaccinated, San Francisco!

¡Vacúnese, San Francisco!

三藩市疫苗齊接種!

Magpabakuna, San Francisco!



Stop the spread of COVID-19.

Ponga fin a la propagación de COVID-19.

停止新型冠狀病毒傳播。

Itigil ang pagkalat ng COVID-19.

Vaccines are safe.

Las vacunas son seguras.

疫苗是安全的。

Ligtas ang mga bakuna.

Vaccines are free.

Las vacunas son gratuitas.

疫苗是免費的。

Libre ang mga bakuna.

No insurance required.

No se requiere tener seguro médico.

接種疫苗無需醫療健保

Walang kinakailangang insurance.

Getting vaccinated will help keep you, your family, and your community safe and healthy.

Vacunarse les ayudará a usted, a su familia y a su comunidad a mantenerse seguros y saludables.

接種疫苗有助您保障自己、家人和社區的安全與健康。

Ang pagbabakuna ay makakatulong na mapanatili kang ligtas at malusog ang iyong pamilya, at ang iyong pamayanan.

To learn more, visit sf.gov/GetVaccinated or call 311.

Para obtener más información, visite sf.gov/es/GetVaccinated o llame al 311.

欲知詳情，請瀏覽：sf.gov/ch/GetVaccinated 或致電311。

Upang matuto nang higit pa, bisitahin ang sf.gov/fil/GetVaccinated o tumawag sa 311.



City and County of San Francisco





Mga Pangunahing Kaalaman tungkol sa Sistema ng Pagboto sa Lungsod

Nagsimulang gumamit ang mga botante ng San Francisco ng bagong sistema ng pagboto noong 2019. Maaaring makatulong ang mga sumusunod na impormasyon para sa mga botanteng gagamit ng sistemang ito sa unang pagkakataon:

- 1.** Upang markahan ang mga balota, pupunan ng mga botante ang mga oval sa tabi ng kanilang mga napili.
- 2.** Magkakaroon ng mga ballot-scanning machine (makinang pang-scan ng balota) at accessible na ballot-marking device (aparatang pang-marka ng balota) ang lahat ng lugar ng botohan. Ilan sa mga katangian ng aparatang pang-marka ng balota ay:
 - Audio at touchscreen na format ng mga balota (mayroong headphones at keypad na may nakaumbok na braille)
 - Akma sa mga aparatang nakatutulong tulad ng mga sip-and-puff (kagamitang gumagamit ng presyon ng hangin sa pamamagitan ng paghigop o pagbuga) at head pointer (aparatang pangpindot na nakalagay sa ulo)
 - Seguridad sa lihim na balota at bilangan ng boto. Hindi nag-iimbak ng mga pinagpilian ng mga botante ang mga ballot-marking device; pagkatapos markahan ang balota, kailangang i-print ng mga botante ang kanilang balota at i-scan ito gamit ang ballot-scanning machine (makinang pang-scan ng balota).
- 3.** Bago ang bawat eleksyon, sinusuri ng Departamento ng mga Eleksyon ang lahat ng kagamitan sa pagboto ng Lungsod upang matiyak na ang mga kagamitang ito ay gumagana at nagbibigay ng mga lohikal at tiyak na mga resulta. Bukas sa pampublikong obserbasyon ang pagsusuring ito; sa personal o sa pamamagitan ng livestream sa sfelections.org/observe.
- 4.** Walang anumang bahagi ng sistema ng pagboto ng Lungsod ang kumokonekta sa internet o tumatanggap o nagpapadala ng datos sa pamamagitan ng anumang panlabas na network ng komunikasyon. Sa pagsisikap na makapagbigay ng lubusang transparency (pagiging bukas sa pagsisiyasat), ipinopost ng Departamento ng mga Eleksyon sa website nito ang mga imahe ng mga binotohang balota, kabilang na ang impormasyon kung paano binasa at binilang ang mga marka sa bawat balota.



Panatilihing Napapanahon ang Impormasyon sa Inyong Rehistrasyon bilang Botante!

Mahalagang suriin ninyo ang impormasyon sa inyong rehistrasyon bilang botante bago ang bawat eleksyon. Kung naglalaman ang inyong rekord ng hindi napapanahong impormasyon tulad ng maling address na pang-koreo, maaaring hindi ninyo matanggap ang mga pang-eleksyong materyales, kasama na ang inyong balotang vote-by-mail. Maaari ninyong suriin ang impormasyon sa inyong rehistrasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa voterstatus.sos.ca.gov o makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.

Para i-update ang impormasyon sa inyong rekord ng rehistrasyon, (muling) magparehistro sa registertovote.ca.gov, o makipag-ugnayan sa Departamento upang humiling ng papel na form ng rehistrasyon.

Sa Agosto 30, 2021 ang deadline sa (muling) pagpaparehistro online o sa pamamagitan ng koreo para sa Setyembre 14, 2021 na eleksyon. Matapos ang nasabing petsa, kailangan ninyong i-update nang personal ang inyong impormasyon sa sentro ng botohan o lugar ng botohan.

Impormasyon ukol sa Pagkapribado ng inyong Rehistrasyon bilang Botante

Ginagamit ng opisyal ng eleksyon ang impormasyon sa inyong rekord ng rehistrasyon upang mapadalhan kayo ng mga opisyal na mga pang-eleksyong materyales. Ipinagbabawal ng batas at isang misdemeanor ang komersiyal na paggamit ng impormasyong nasa rehistrasyon ng botante. Maaaring ibigay ang impormasyon tungkol sa botante, kapag ito'y hiniling, para sa layunin ng eleksyon, pag-aaral, pamamahayag, politikal, o mga layunin ng pamahalaan, ayon sa pasya ng Kalihim ng Estado. Ang ilang impormasyon tulad ng lisensya sa pagmamaneho, mga numero ng social security at mga pirma sa rekord ay hindi maaaring maisiwalat para sa mga layuning ito. Kung kayo'y mayroong anumang katanungan tungkol sa paggamit ng impormasyon ng botante o kung nais ninyong magreport ng pinaghihinalaang maling paggamit ng ganoong impormasyon, mangyaring tumawag sa Hotline para sa Botante ng Kalihim ng Estado, walang bayad sa: (800) 345-VOTE (8683).

Safe at Home Program (Programang Ligtas sa Tahanan)

Ang Safe at Home Program ay kumpidensyal na programa na pinangangasiwaan ng Kalihim ng Estado ng California. Maaaring maging kuwalipikado ang ilang botante, na humaharap sa mga sitwasyong nagsasapanganib sa kanilang buhay, para sa status na kumpidensyal na botante. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa Safe at Home program ng Kalihim ng Estado sa walang bayad (877) 322-5227, o bumisita sa sos.ca.gov.

SF is **OPEN**

SF ya está abierto • 三藩市現已開放 • Bukas ang SF

San Francisco celebrates a safer reopening! Protect yourself, your family, and your community by following these prevention measures:

¡San Francisco está celebrando una reapertura segura! Siga estas medidas de prevención para protegerse y proteger a su familia y a su comunidad:

三藩市慶祝安全重開! 採取以下防護措施, 保護自己, 家人及社區

Ipinagdiriwang ng San Francisco ang isang mas ligtas na muling pagbubukas! Protektahan ang iyong sarili, ang iyong pamilya, at ang iyong pamayanan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga hakbang sa pag-iwas:



Get vaccinated

Vacúnese
接種疫苗
Magpabakuna



Stay home if sick, and talk to your doctor

Quédese en casa si está enfermo
y consulte a su médico
如果身體不適, 請留在家中
並諮詢您的醫生
Manatili sa bahay kung may sakit,
at kausapin ang iyong doktor



Maximize fresh air

Aumente al máximo el
flujo de aire fresco
保持大量新鮮空氣
Padaluyin ang sariwang hangin

Wear a mask for added protection and clean your hands.

Póngase un cubrebocas para obtener protección adicional y lávese las manos.

佩戴口罩加強保護及清潔雙手。

Magsuot ng mask para sa karagdagang proteksyon at hugasan ang iyong mga kamay.



Volunteer! Be a Poll Worker!

Election Day, Tuesday, September 14

It takes more than 2,500 Poll Workers to conduct an election. Poll Workers operate polling places on Election Day and assist voters in many parts of the voting process. Some Poll Workers have volunteered during every election for decades. Poll Workers include people from all areas of our community. High school students, retirees, and hundreds of people take a day off from their regular lives to be of service to San Francisco voters!

To be a Poll Worker, you must be:

- A registered California voter, or
- A U.S. legal permanent resident, age 18 or older, or
- A San Francisco high school student at least age 16 or older*.

If you are bilingual in English and Chinese, Spanish, Filipino, Burmese, Japanese, Korean, Thai, or Vietnamese, we encourage you to apply!

Earn a stipend of up to \$240 while helping your community vote.

Apply online at sfelections.org/pw




* High School students can visit sfelections.org/student for instructions and to download an application.

For more information, visit sfelections.org/pw or call the Department of Elections Poll Worker Division at (415) 554-4395.



May mga Tanong ba Kayo?



Makakausap ang aming Voter Support team sa isang tawag o click lamang...

Makakausap ang mga operator ng telepono na nagsasalita ng iba't ibang wika, mula Lunes hanggang Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., at sa dalawang Sabado at Linggo bago ang Araw ng Eleksyon, Setyembre 14, (Setyembre 4–5 at Setyembre 11–12), mula 10 a.m. hanggang 4 p.m. Sa Araw ng Eleksyon, bukas ang aming mga linya mula 6:30 a.m. hanggang 8 p.m.

Maaari din ninyong ipadala anumang oras ang inyong mga katanungan sa pamamagitan ng koreo o email.



English: (415) 554-4375

Español: (415) 554-4366

中文: (415) 554-4367

Filipino: (415) 554-4310

TTY: (415) 554-4386



sfvote@sfgov.org



Department of Elections
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102

O subukang gamitin ang isa sa mga nakatutulong na kasangkapan para sa online na botante:

- Magparehistro upang makaboto o i-update ang inyong rehistrasyon sa registertovote.ca.gov
- Tingnan ang inyong rehistrasyon, humiling ng pamalit na balota, at iba pa sa sfelections.org/voterportal
- Mag-sign up para sa mga email, text, o tawag na notipikasyon ukol sa pagsubaybay sa balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov
- Hanapin ang mga lugar at oras ng mga hulugan ng balota sa sfelections.org/balotdropoff
- Kumpirmahin ang lokasyon ng inyong lugar ng botohan at i-check ang oras ng paghihintay sa sfelections.org/myvotinglocation

DEPARTMENT OF ELECTIONS

City and County of San Francisco
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place
City Hall, Room 48
San Francisco, CA 94102-4608
Telephone: (415) 554-4375
TTY: (415) 554-4386
sfelections.org



NONPROFIT ORG.
U.S. POSTAGE
PAID
SAN FRANCISCO, CA
PERMIT NO. 2750

ELECTRONIC SERVICE REQUESTED

Notice: If the person below is not at this address, please help keep the voter rolls current and save taxpayer dollars by returning this pamphlet to your mail carrier.


Address ng inyong botohan:

Address na Pang-koreo / Mailing Address:



Accessible ba ang pasukan at ang lugar ng botohan?

Mahalagang Paalala!



I-check ang inyong mailbox para sa inyong pakete ng balotang vote-by-mail.

Awtomatikong magpapadala ang Departamento ng mga Eleksyon ng balota sa koreo sa lahat ng lokal na rehistradong botante sa Agosto. Makaboboto sa pamamagitan ng koreo ang sinumang botante sa Setyembre 14 na eleksyon.



Ibalik ang inyong balota sa lalong madaling panahon.

Ang mga balotang ibinalik sa pamamagitan ng koreo ay kailangang mai-postmark bago o sa Setyembre 14. Nabayaran na ang selyo ng pambalik na sobre ng inyong balota na nakalakip sa inyong paketeng vote-by-mail.

Ang mga balotang ibinalik nang personal ay kailangang ihatid sa opisyal na estasyon na hulugan ng balota o sa lugar ng botohan hanggang 8 p.m. sa Araw ng Eleksyon, Martes, Setyembre 14.



Subaybayan ang inyong balota.

Bisitahin ang sfelections.org/voterportal para i-check kung ang inyong balota ay natanggap at nabilang. Maaari din kayong mag-sign up para sa mga notipikasyon sa email, text, o voice alert ukol sa pagsubaybay sa balota sa wheresmyballot.sos.ca.gov.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang loob ng pamplet na ito, makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon sa (415) 554-4310 o sa svote@sfgov.org, o bisitahin ang sfelections.org.